JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 2 - Modyul 4:
## Opinyon Mo, IgagalangKo



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________




# Alamin

Mahalaga ba ang paggalang o pagbigay ng respeto?  Tama ba na igalang natin ang opinyon ng ating kapuwa? Anong kabutihang maidudulot kapag iginagalang natin ang opinyon ng bawat isa?

Lahat tayo ay may karapatang mag bigay o mag salaysay ng sariling opinyon o ideya. Bawat isa sa atin ay nabigyan ng sariling kaisipan, karunungan, kahusayan at kaalaman kaya't hindi maiiwasan na magkaroon ng pagtatalo. Ano ba ang dapat nating gawin kapag may sumalungat sa iyong opinyon?

Sa modyul na ito mauunawaan ng mga mag-aaralang kahalagahan ng paggalang ng opinyon ng bawat isa at kung anu-ano ba ang mga tamang paraan ng paggalang sa opinyon ng bawat isa.



**KasanayangPampagkatuto**:

Nakabubuo at nakakapagpahayagnang may paggalangsaanumangideya/opinyon.
**EsP5P-IId-e-25**

| Modyul 4 | Opinyon Mo, IgagalangKo |
| --- | --- |



## Balikan

Sa nagdaang modyul, naunawan mo ang pagtanggap at tamang pagtrato sa mga katutubo/dayuhan at ang tamang paggalang sa kani-kaniyang kaugalian at paniniwala.

Sa gawaing ito, babalikan natin ang iyong natutunan ukol sa pagtanggap at tamang pagtrato sa mga katutubo/dayuhan at ang tamang paggalang sa kani-kaniyang kaugalian at paniniwala.

**Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang TAMA kung tama ang isinasaad ng pangungusap at MALI naman kung mali.

_________1. Tayong mga Pilipino ay kilala dahil sa ating kaugaliang magiliw sa pagtanggap sa mga bisita o dayuhan.

_________2. Pinagtawanan nila ang kanilang bagong kakalsaeng Aita dahil sa itsura nito.

_________3. Hindi na natin dapat pinapapasok sa ating bansa ang mga dayuhan dahil sinakop nila tayo noon.

_________4. Dapat nating igalang ang paraan ng pagdasal ng mga katutubo.

_________5. Sumali sa mga grupong sumusuporta sa pagkaakisa ng ibat-ibang katutubo.



# Tuklasin

**Gawain:** Basahin ang dyalogo sa loob ng silid-aralan ng Mababang Paaralan ng Mayapyap.

**Sang-ayonba Kayo?**

GURO: Sino ang sang-ayon sa pagkakaroon ng malaking pamilya? Sino naman ang maliit na pamilya lamang? Oh, Carla. Nakataas ang iyong kamay, ano ang iyong saloobin ukol dito?

CARLA: Ako po ay sang-ayon sa malaking pamilya sapagkat kapag maraming pamilya, masaya at marami kayong magtutulong-tulong sa anumang problema na inyong kakaharapin.

GURO: Maganda ang iyong sianbi Carla. Oh, Ikaw Denisse, saan ka sang-ayon?

DENISSE: Ako po ay sa maliit na pamilya. Sapagkat sa panahon ngayon kailangan nating maging praktikal. Kailangan maibigay natin ang pangangailangan ng bawat isa, lalo na ang mga anak. Kailangan sila na mag aral, mabilhan ng mga pangunahing gamit at mapakian ng wasto. Kung malaki ang pamilya maaaring hindi matustusan ang pangangailanagn ng bawat isa.

GURO: Carla, anong masasabi mo sa sinabini Denisse?

CARLA: Ngunit hindi naman puro sa material na bagay umiikot ang pamilya. Hindi lahat ng anak ay nangangailanagan ng material na bagay. Malungkot kung kakaunti lamang ang miyembro ng isang pamilya.

DENISSE: Ngunit ang sinasabi mo ay tama kung nakakaangat sa buhay ang pamilya. Ngunit kung hindi, mas mainam kung maliit ang pamilya. Sa panahon ngayon, tumataas pa ang mga bilihin at masakit sa magulang kung nakikita nilang ang kanilang mga anak ay naghihirap.

GURO: Pareho kayong may punto mga bata. Ako ay natutuwa sa pagiging mahinahon ninyo sa pagbibigay ng inyongmga opinion. Dahil dito, napapanatili natin ang kapayapaan sa ating silid. Wasto na igalang natin ang opinion ng bawat isa. Isa rin ito sa nakapagpapanatili ng kapayapaan sa ating silid. Palakpakan natin sina Carla at Denisse.

Sagutin ang  mga sumusunod:

1. Sa anong paraan ng palitan ng ideya/opinyon ng bawat mag aaral?
2. Bakit kaya sa palagay mo magkaiba ng ideya/opinion ang bawat isa?



# Suriin

**Tandaan**

Ang bawat nilalang ay may kani-kaniyang ideya/opinion. Makikilala natin kung alin ang tamang ideya/opinion sa pamamagitan ng pag-iisip kung alin sa mga ito ang makakabuti para sa nakararami. Kanya-kanyang kahusayan, kaalaman at karunungan. Subalit dapat nating tandaan na anong ideya/opinion ng bawat isa ay dapat isaalang-alang at igalang upang hindi mapagmulan ng anumang kaguluhan. “RESPETO” ang dapat itanim sa ating puso at damdamin upang matanggap natin ang ideya/opinion ng kapwa natin. At sikaping alamin ang saloobin ng bawat isa upang makapagbigay ng tama at mabuting ideya para sa nakararami.





# Pagyamanin

.

**Panuto**: Magbigay ng iyong opinion patungkol sa tag-ulan na panahon:

| Magandang Opinyon | Hindi Magandang Opinyon |
|---|---|
| | |

**Rubrics saPagmamarka**

| MgaBatayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayag ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Nagkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Isaisip

**Panuto**: Sagutin ang tanong.

Sa iyong palagay, mabuti ba ang naidudulot ng pagbibigay galang sa opinion ng kapuwa? Bakit? Mag bigay ng isang halimbawa.

**Rubrics saPagmamarka**

| MgaBatayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sat alata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayag ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Nagkasunod-sunod ang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Isagawa

**Panuto:** Gumawa ng isang maikling dyalogo na nagpapakita ng paggalang sa opinion ng bawat isa.

**Rubrics sa Pagmamarka**

| MgaBatayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayag sa talata ang opinion. | Hindi masyadong naipahayag ang opinion. | Malayo sa paksa ang nasulat na talata. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Nagkasunod-sunodang mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkasulat, may panimula at konklusyon. | Hindi maayos ang pagkasulat ng talata. Walang panimula, katawan at konklusyon. |



# Tayahin

**Panuto**: Basahin ang mga sumusunod at isulat sa patlang ang iyong opinyon ukol dito.

1. Papasok ka na sa eskwelahan nang napansin mong may mga grupo ng raliyista na nanawagan sa gobyerno na gawing libre ang matrikula sa lahat ng kolehiyo sa bansa.

2. Nagtatag ng isang batas ang inyong local na pamahalaan na nag lalayong ang lahat ng mga basura ay ilalabas lamang sa kalsada sa itinakdang oras na dadaan ang trak ng basura upang hindi ito magkalat sa kalsada.

3. Dahil talamak na ang polusyon sa buongmundo, sinimulan na ang pagbabawal ng iba’t-ibang *plastic* tulad ng *straw*, *plastic bag* at marami pan iba.

4. Paborito mong kainin tuwing *recess* ang mga walang sustansyang pagkaintulad ng junkfoods ngunit ipinagbawal na ng inyong punongguro na ibenta ito sa kantina.

5. Pangarap mong maging isang guro, tulad ng iyong nanay at ate. Ngunit nag desisyon ang iyong ama na pag-nanars ang kukunin mong kurso dahil wala pang nars sa inyong pamilya.

**Rubrics saPagmamarka**

| MgaBatayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | Naipapahayagsata lataang opinion. | Hindi masyadongnaipah ayagang opinion. | Malayosapaksaangnasula tnatalata. |
| 2. Organisas yon | Mahusayangpagka sulat ng talata. Nagkasunod- | Maayosangpagkas ulat, may panimula at | Hindi maayosangpagkasulat ng talata. Walangpanimula, |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | sunodangmgaideya. May panimula, katawan at konklusyon. | konklusyon. | katawan at konklusyon. |

## Susi saPagwawasto

**Balikan:**

1. TAMA
dalawang
2. MALI
marespetong paraan.
3. MALI
bawat isa
4. TAMA
paniniwala at
5. TAMA

**Tuklasin: Mga Posibleng Sagot**

1. Nagpalitan ng ideya/opinyon ang mag-aaral sa mahinahon at
2. Magkaiba ang ideya/opinyon ng dahil may kani-kaniyang pag-iisip, paninindigan ang bawat nilalang.

## Sanggunian

https://www.youtube.com/watch?v=0eKQ7-ReP44 , https://www.scribd.com/document/369319983/ESP-Aralin-14-LM

BumuosaPagsusulat ng Modyul

Manunulat: **Roxanne Mae M. Yu**
Teacher-I
Diki Elementary School
Isabela City Schools Division
Editor: Hamida T. Ismael
Tagasuri: Murada M. Danial, EdD
Tagaguhit: Janice Irene B. Abducarim
Tagalapat: Roxanne Mae M. Yu
Tagapamahala: Julieto H. Fernandez, EdD, CESO VI, OIC-SDS
Ma. Laarni T. Villanueva, EdD, CESE VI, OIC-ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, ADM Module Coordinator
Violeta M. Sta.Elena, EPS-EsP

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.